Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Anne T.

Alastair Paterson

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2020 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Hesus ay gumagawa ng mga kamanghamanghang bagay. Siya'y nagpapagaling ng mga may sakit, nagbibigay kapayapaan sa puso sa mga taong nagugulumihanan at nagtuturo ng Salita ng Diyos.

Siya ay dinudumog ng maraming tao upang humingi ng tulong at magpagamot, kaya nagpasya siya na pumili ng labing dalawang disipulo sa kanyang mga tagasunod, ...

... upang makatulong sa
gawain ng Panginoon.



Kapag ikaw ba'y may mahalagang desisyong gagawin, nananalangin ka ba sa Panginoon? Ganun din si Hesus! Sa tahimik na lugar sa burol kaniyang kinakausap ang Kaniyang Amang nasa langit. Si Hesus ay nananalangin hanggang sa pagputok ng araw.

Si Hesus ay
nananalangin
maging sa buong
magdamag.

At pagka-umaga, tinawag ni Hesus ang kanyang mga tagasunod na kanyang mga kaibigan na sumusunod at naglilingkod sa kanya. At mula sa kanila siya ay pumili ng labing dalawang Apostoles.

Ang naunang dalawang pinili ni Hesus ay ang magkapatid na si Simon Pedro at Andres. Iniwan nila ang pagiging mangingisda at sumunod sila kay Hesus.



Si Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedeo na iniwan rin ang kanilang mga lambat.

Pinili rin ni Hesus sina Filipe, Bartolomeo, Mateo, Tomas, si Simon na Masikap, si Santiago na anak ni Alpeus, si Hudas na kapatid ni Santiago at si Hudas Iscariot na siyang magkakanulo kay Hesus.


Itinuro ni Hesus na siya, na tumutupad ng kanyang salita ay katulad ng isang taong nagtayo ng kanyang bahay sa matibay na pundasyon. Daanan man ito ng malakas na bagyo ito'y hindi masisira.

Ngunit siya na hindi tumutupad sa mga salita ni Hesus ay katulad ng taong nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. At ito ay dagling mawawasak kapag dinaanan ang bagyo.



Subalit hindi lahat ng utos ni Hesus ay madaling tuparin. "Kapag sinampal ang iyong kanang pisngi, ibigay mo rin ang kaliwa" turo niya. "Mahalin mo ang iyong kaaway." Kailangan ng tao ang biyaya at tulong mula sa Diyos upang mamuhay katulad ni Hesus.

Itinuro din ni Hesus sa mga tao na manalangin ng palihim, at hindi magpakitang gilas na manalangin sa harap ng maraming tao, gaya ng gingawa ng ibang mga relihiyosong tao.

Wika rin ni Hesus,
dadamitan at pakakainin
ng Diyos sila na nagtitiwala
sa kanya, kagaya ng mga ibon,
mga magaganda at makukulay
na bulaklak at tanim.

Maari mong ipagkatiwala ang lahat ng iyong mga pangangailangan sa Diyos.

Tinuruan ni Hesus
silang labing dalawang
apostoles na pinili niya,
ng maraming bagay.
Nang siya'y matapos,
isang ketongin ang
lumapit sa kanya at
nagmamakaawang
siya'y pagalingin.

Sumagot si Hesus sa ketongin, "Nais ko. Ika'y luminis." At sa harapan ng labing dalawang apostoles, ang taong ketongin ay gumaling. Siya ay magaling na! Tanging ang Anak ng Diyos lamang ang makakagawa ng ganung bagay. Alam ng mga disipulo na mayroon silang dakilang guro.

Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 4-7, Markos 1, Lukas 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16